# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 41. Ang Talinghaga ng Sampung Mina*

***"11 At samantalang pinakikinggan nila ang mga bagay na ito, ay dinugtungan niya at sinalita ang isang talinghaga, sapagka't siya'y malapit na sa Jerusalem, at sapagka't kanilang inakala na pagdaka'y mahahayag ang kaharian ng Dios. 12 Sinabi nga niya, Isang mahal na tao ay naparoon sa isang malayong lupain, upang tumanggap ng isang kaharian na ukol sa kaniyang sarili, at magbalik. 13 At tinawag niya ang sangpu sa kaniyang mga alipin at binigyan sila ng sangpung mina, at sinabi sa kanila, Ipangalakal ninyo ito hanggang sa ako'y dumating. 14 Datapuwa't kinapopootan siya ng kaniyang mga mamamayan, at ipinahabol siya sa isang sugo, na nagsasabi, Ayaw kami na ang taong ito'y maghari pa sa amin. 15 At nangyari, na nang siya'y muling magbalik, nang matanggap na ang kaharian, ay ipinatawag niya sa kaniyang harapan ang mga aliping yaon, na binigyan niya ng salapi, upang maalaman niya kung gaano ang kanilang tinubo sa pangangalakal. 16 At dumating sa harapan niya ang una, na nagsasabi, Panginoon, nagtubo ang iyong mina ng sangpung mina pa. 17 At sinabi niya sa kaniya, Mabuting gawa, ikaw na mabuting alipin: sapagka't nagtapat ka sa kakaunti, magkaroon ka ng kapamahalaan sa sangpung bayan. 18 At dumating ang ikalawa, na nagsasabi, Panginoon, nagtubo ang iyong mina ng limang mina. 19 At sinabi niya sa kaniya, Magkaroon ka naman ng kapamahalaan sa limang bayan. 20 At dumating ang iba pa, na nagsasabi, Panginoon, narito ang iyong mina, na aking itinago sa isang panyo:21 Dahil sa ako'y natakot sa iyo, sapagka't ikaw ay taong mabagsik kinukuha mo ang hindi mo inilagay, at ginagapas mo ang hindi mo inihasik. 22 Sinabi niya sa kaniya, Sa sariling bibig mo kita hinahatulan ikaw na masamang alipin. Nalalaman mo na ako'y taong mabagsik, na kumukuha ng hindi ko inilagay, at gumagapas ng hindi ko inihasik; 23 Kung gayon, bakit hindi mo inilagay ang salapi ko sa bangko, at nang sa aking pagbalik ay mahingi ko yaon pati ng tinubo?24 At sinabi niya sa mga nahaharap, Alisin ninyo sa kaniya ang mina, at ibigay ninyo sa may sangpung mina. 25 At sinabi nila sa kaniya, Panginoon, siya'y mayroong sangpung mina. 26 Sinasabi ko sa inyo, na bibigyan ang bawa't mayroon; datapuwa't ang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. 27 Datapuwa't itong aking mga kaaway, na ayaw na ako'y maghari sa kanila, ay dalhin ninyo rito, at patayin ninyo sila sa harapan ko." (Lucas 19:11 -27)***

Ang Panginoon ay may sumusunod na mga dahilan upang ibigay sa mga tao ang talinghagang ito na ating nabasa:

***Una, <u>dahil Siya ay papalapit na sa Jerusalem gaya ng ating mababasa sa Lucas 19:11</u>:*** Ang Panginoon ay sumusulong patungo sa Jerusalem. Sa lugar na Siya ay ibibigay upang ipako sa krus. Kaya't kailangan Niyang ipahayag ang Kanyang ikalawang pagparito na magaganap at kung paanong hahatulan ang mga tao.

***Pangalawa, <u>dahil iniisip nila na ang Kaharaia ng Dios ay dapat madaling mahahayag gaya ng mababasa natin sa Lucas 19:11</u>:*** Ang mga tao ay mayroong maling kaisipan kung paanong ang Kaharian ng Dios ay mahahayag. Iniisip nila ang Kaharian ng Dios ay mahahayag sa isang hindi makatwiran na paraan. Maraming mga Cristiano ngayon iniisip na ang Kaharain ng Dios ay mahahayag katulad ng isang panaginip sa gabi at makikita nila ang kanilang sarili doon. Ang talinghaga na ibinigay ni Cristo ay nagpapakita na ang Kaharian ng Dios ay hindi mahahayag na gaya ng isang bagay na walang kaayusan. Sa halip, ito ay mahahayag sa malalim na katotohanan patungkol sa ating pananagutan ng kung anong ating tinanggap gaya ng mga materyal na bagay mula sa Dios at ang mga kaugnayan nito patungo sa papalapit na dakilang pangyayari ng pagpapakita ng Kaharian ng Dios. Ayon sa talinghaga ni Cristo, alinman tayo ay gagantimpalaan o hahatulan ng kaparusahan.

***"12 Sinabi nga niya, Isang mahal na tao ay naparoon sa isang malayong lupain, upang tumanggap ng isang kaharian na ukol sa kaniyang sarili, at magbalik." (Lucas 19:12 KJV) 'Isang mahal na tao'*** ay tumutukoy sa ating Panginoong Jesucristo na bumaba mula sa Langit, namatay, at inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw at naparoon sa Langit at naluklok, at Siya ngayon ay nasa kanang kamay ng Dios ang Ama, at Siya ay babalik upang humatol.

***"13 At tinawag niya ang sangpu sa kaniyang mga alipin at binigyan sila ng sangpung mina, at sinabi sa kanila, Ipangalakal ninyo ito hanggang sa ako'y dumating." (Lucas 19:13 KJV)*** Kaya't bago Siya umakyat, tinawag Niya ang Kanyang sampung mga alagad at ipinagkatiwala sa kanila ang sampung mina upang para sa kanila ay ilagay ito sa maayos na paggamit at sikapin hanggang Siya ay bumalik. Isang mina ay katumbas sa tatlong buwan na upa. *Kailangan nating gamitin ang lahat ng ibinigay sa atin ng Dios para sa Kanyang paglilingkod at para sa Kanyang kaluwalhatian.*

Ang mga lingkod na kumuha ang sampung mina ay dapat magpasalamat sa Kanya at magalak sa Kanya. Ngunit sa halip niyon, pinagtaksilan nila Siya. ***"14 Datapuwa't kinapopootan siya ng kaniyang mga mamamayan, at ipinahabol siya sa isang sugo, na nagsasabi, Ayaw kami na ang taong ito'y maghari pa sa amin." (Lucas 19:14 KJV)*** Dapat nating ibigin ang Panginoon at pasalamatan Siya para sa lahat ng ating tinanggap mula sa kanya at maging tapat sa paggamit ng mga ito sa isang mabungang paraan,

Ang katanungan na ating itatanong dito ay narito: "Bakit nila kinamuhian Siya at hindi nais Siya na maghari sa kanilang buhay? Bakit ayaw ng mga tao na pamunuan ng Dios at ng Kanyang mga lingkod ang kanilang buhay? At paanong ayaw ng mga tao na ang Dios at ang Kanyang mga lingkod ang mamahala sa kanilang buhay?

1. ***Ayaw ng mga taong may pananagutan:*** Ibig ng mga tao na tumanggap at magsaya sa kung anong kanillang tinanggap ngunit ayaw nilang may pananagutan sa kanilang buhay at sa kanilang tinanggap. Ayaw nilang managot sa kanilang mga kasalanan at sa kanilang mga ginawa. Ang pananagutan ay isang mahalagang kadahilanan upang gamitin ang kapangyarihan para magamit para sa kaluwalhatian ng Dios. Nais ng Dios sa atin ngayon ay managot sa lahat ng natanggap at ipinagagawa sa atin.

2. ***Ayaw ng mga tao na magsipagpagal nang masigasig:*** Kadalasan ang mga tao ay tamad at ayaw nilang magtrabaho nang masigasig. Ang katamaran ay isang sa mga nakakalumpong kasalanan na humahantong sa kahirapan. Nais ng Dios na magtrabaho tayo ng masigasig at maging masipag na gawin ang ating mga takdang gawain.

3. ***Ayaw ng mga taong masiyasat:*** Ayaw ng mga taong masiyasat at tanungin ang tungkol sa mga detalye ng kanilang buhay at pag-uugali at managot sa kanilang mga materyal na pagpapapalang tinanggap mula sa Dios. Ang Banal na Kasulatan ay ipinapakita sa atin na ang simbahan ay dapat siyasatin at imbestigahan ang buhay at kahina-hinalang mga kasapin na ang pamumuhay ay hindi katanggap-tanggap. Sinabi ni Pablo, ***"11 At huwag kayong makibahagi sa mga walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman, kundi bagkus inyong sawatain;" (Epeso 5:11 KJV)*** Kailangan nating harapin ang mga kasapi ng simbahan na nabubuhay sa kasalanan at tanungin ang kanilang pamamahala sa materyal na mga bagay na tinanggap mula sa Dios. Ang kawalang pamamahala ng mga mapagkukunan ay kasalanan at kailangan palawakin natin ito at turuan ang simbahan at ang mga taong nasa ilalim ng ating espiritual na pangangalaga tungkol dito.

4. ***Ayaw ng mga taong mapigilan:*** Ayaw ng mga taong makontrol at mahadlangan sa paggawa ng kanilang sariling kagustuhan. Tiyak sasabihin nilang 'Patawad, ito ay aking pera, aking bahay, aking buhay, akin, akin, akin……. Sino ka upang makialam sa aking buhay? Ang mga tao ay maraming mga plano at pangarap na may mga proyekto na salungat as kalooban ng Dios at plano ng Dios at salungat sa Kanyang Salita. Kung gayon, kinamumuhian nila ang Panginoon na nagtalaga ng Kanyang sariling plano laban sa kanilang mga kagustuhan at plano: ***"11 Ngayon nga, salitain mo sa mga tao sa Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y humahaka ng kasamaan laban sa inyo, at kumatha ng katha-katha laban sa inyo: manumbalik bawa't isa sa inyo mula sa kanikaniyang masamang lakad, at inyong pabutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa." (Jeremias 18:11)*** Kailangan magkaroon ng kamalayan ang mga tao at kailangan nating sabihin sa kanila bilang simbahan ay kailangang sabihin sa kanila, na ang higit na itinataguyod nila ang kanilang sariling mga plano na labag sa Panginoon, mas gagawa Siya ng mga plano laban sa kanila upang wasakin ang kanilang pagmamataas at pagmamalaki. Kailangan nating turuan ang ating mga kapwa at bigyan sila ng babala kapag natuklasan natin ang kanilang mga maling motibo sa buhay at sa mga pagpili na kanilang gagawin.

Habang pinag-aaralan natin ang talinghaga, mapagtatanto natin ang dakilang katotohanan na magagawa nating maunawaan ang Kanyang kalooban, at kung paano Niya aasahan sa atin na pamahalaan ang ating buhay at ang materyal na mga bagay at kung paanong magaganap ang Kanyang ikalawang pagparito:

1. ***Pipilitin ng Panginoon ang mga tao na mabago:*** Nang ipinadala ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod at ipinagkatiwala sa kanila ang isang gawain, mababasa natin sa ***Lucas 19:14*** na ***"kinapopootan Siya ng kaniyang mga mamamayan",*** ngunit kalaunan makikita natin na may ilan sa kanila na naging mabunga at naging produktibo patungo sa Panginoon. Nangangahulugang ito na sila ay binago sa mga hakbang na ginawa ng Panginoon at sa Kanyang babala na Salita nang sinabi niya sa ***Lucas 19:13 "Ipangalakal ninyo ito hanggang sa ako'y dumating."*** Ang mga taong iyon ay nabago dahil batid nila na hindi nila magagawang baguhin ang kalooban ng Dios at hindi nila magagawang salungatin ang Panginoon at sumalungat sa Kanyang mga plano. Kailangan nating ipangaral at paalalahanan ang mga tao na maaaring maging dahilan upang sila'y makinig sa babala at mabago at maligtas.

2. ***Gagantimpalaan ng Panginoon ang mga taong nabago: "15 At nangyari, na nang siya'y muling magbalik, nang matanggap na ang kaharian, ay ipinatawag niya sa kaniyang harapan ang mga aliping yaon, na binigyan niya ng salapi, upang maalaman niya kung gaano ang kanilang tinubo sa pangangalakal. 16 At dumating sa harapan niya ang una, na nagsasabi, Panginoon, nagtubo ang iyong mina ng sangpung mina pa. 17 At sinabi niya sa kaniya, Mabuting gawa, ikaw na mabuting alipin: sapagka't nagtapat ka sa kakaunti, magkaroon ka ng kapamahalaan sa sangpung bayan. 18 At dumating ang ikalawa, na nagsasabi, Panginoon, nagtubo ang iyong mina ng limang mina. 19 At sinabi niya sa kaniya, Magkaroon ka naman ng kapamahalaan sa limang bayan." (Lucas 19:15-19 KJV)*** Ang buhay na walang hanggan na na may mga gantimpala ang magiging kapalaran ng mga sumusunod sa kalooban at plano ng Dios at maingat na pinamamahalaan ang kanilang buhay at mga mapagkukunan na ibinigay sa kanila ng Dios.

3. ***Paparusahan ng Panginoon ang mga taong masasama: "27 Datapuwa't itong aking mga kaaway, na ayaw na ako'y maghari sa kanila, ay dalhin ninyo rito, at patayin ninyo sila sa harapan ko." (Lucas 19:27 KJV)*** Ang walang hanggang apoy ay magiging kapalaran sa mga namumuhi sa Dios at namumuhi na lumakad sa Kanyang mga landas.

4. ***Hahatulan ng Panginoon ang mga taong ayaw magbago at nagtatago ng kanilang mga kasalanan: "20 At dumating ang iba pa, na nagsasabi, Panginoon, narito ang iyong mina, na aking itinago sa isang panyo:21 Dahil sa ako'y natakot sa iyo, sapagka't ikaw ay taong mabagsik kinukuha mo ang hindi mo inilagay, at ginagapas mo ang hindi mo inihasik." (Lucas 19:2-21 KJV)*** Ang taong ito ay nagkunwaring matalino sa pagtatago ng kanyang mga kasalanan. Siya ay tamad, makasarili, at ayaw magtrabaho ng masigasig, at nang siya ay tinawag upang magbigay ng ulat ng kanyang mga materyal na pagpapala, nagdahilan siya at sinisi pa ang Panginoon sa kanyang hindi pagiging produktibo. Ang mga taong tulad niyan ay matatagpuan sa mga simbahan ngayon; batid nila talaga kung ano ang inaasahan ng Dios sa kanila ngunit sila ay matigas at ayaw sumunod at ginagamit nila ang lahat ng kanilang lakas para pagtakpan ang kanilang mga kasalanan. Sila ay mga mapaimbabaw na nagpapanggap na may sakit, may kapansanan, mahirap o nalantad sa kawalan ng katarungan; pagbuhos ng mga luha ng buwaya at sinubukang maawa sa sarili upang pagtakpan ang kanilang kasalanan. Ngunit haharapin ng Panginoon ang gayong uri ng mga tao at ilalantad ang kanilang mga kasalanan at hahatulan sila. Ang simbahan ay dapat gumamit ng kaunawaan sa pagkilala sa gayong mga tao at harapin sila at ang kanilang mga kasalanan.

Hinarap ng Panginoon ang masamang lingkod na iyon gaya ng mababasa natin dito, ***"22 Sinabi niya sa kaniya, Sa sariling bibig mo kita hinahatulan ikaw na masamang alipin. Nalalaman mo na ako'y taong mabagsik, na kumukuha ng hindi ko inilagay, at gumagapas ng hindi ko inihasik;" (Lucas 19:22 KJV)*** Kaya't, kailangan nating harapin ang mga tao na masamang tagapangasiwa at dalhin sila sa ilalim ng ating espirituwal na pangangalaga at dispilina kapag tinawag tayong gawin iyon.

Ipinaliwanag pa ng Pangioon sa lingkod iyon ang dapat niyang gawin. ***"23 Kung gayon, bakit hindi mo inilagay ang salapi ko sa bangko, at nang sa aking pagbalik ay mahingi ko yaon pati ng tinubo?" (Lucas 19:23 KJV)*** Kaya't, kailangan nating ipaliwanag sa mga tao ang dapat nilang gawin, at kung paano hawakan ng kanilang pananalapi at ang kanilang materyal na mga pagpapala sa kanilang buhay at sa buhay ng kanilang pamilya.

Inilagak ng Panginoon ang Kanyang paghatol sa taong iyon, Hindi Niya siya ginantimpalaan at kahit pa ang ibinigay sa kanya ay kinuha mula sa kanya. Kailangan nating ipaliwanag sa mga tao na ang pagtatago ng kanilang mga kasalanan at pagmamalabis sa mga mapagkukunan ng Dios, na dadalhin ng Dios ang Kanyang paghatol sa kanila at kahit pa sa kung anong ibinigay sa kanila ay kukunin, gaya ng mababasa natin dito, ***"24 At sinabi niya sa mga nahaharap, Alisin ninyo sa kaniya ang mina, at ibigay ninyo sa may sangpung mina." (Lucas 19:24 KJV)***

Ang gayong uri ng mga tao na batid ang kalooban ng Dios, ngunit itinatago pa rin ang kanilang mga kasalanan sa loob ng simabahan at magpakasawa sa materyal na pang-aabuso ay susubukang linlangin ang iba sa ilalim ng takip ng walang katotohanang kabanalanan at kawalang-kasalanan. Karaniwang pinapakain nila ng awa ang iba sa simbahan, at kapag ang ganoong tao ay hinatulan ng Dios, ang mga mananampalataya na nalinlang nila ay mananalangin para sa kanila sa Dios at hihilingin sa Panginoon na huwag kunin sa kanila ang nais Niyang ibigay sa isa na mayroong marami gaya ng mababasa natin dito, ***"25 At sinabi nila sa kaniya, Panginoon, siya'y mayroong sangpung mina." (Lucas 19:25 KJV)***

Sa bawat simbahan makakatagpo tayo ng mga taong nagpapanggap na mahirap at kaawa-awa sa pananalapi umaasa sa pananalaping tulong ngunit hindi kailanman nagnanais na maging malinaw o managot sa tulong na kanilang natatanggap, sa halip, ginugugol nila ang kanilang mga pananalapi sa maling paraan at nagpapakasawa sa mga maling priyoridad. Ngunit ang Panginoon ay tapat at nagpapaliwanag sa atin, sa Kanyang iglesia, at ilalantad ang mga kasalanan ng gayong uri ng mga makasalanan sa loob ng katawan ni Cristo at ang paraan kung paano nila sinasamantala ang simbahan at iba pang mga kasapi. Ang Panginoon ay hindi lamang naglalantad ng kanilang mga kasalanan ngunit Siya ay magtuturo sa atin kung paano haharapin ang ganitong uri ng mga tao mula sa pagdudulot ng pagkawasak sa loob ng katawan ni Cristo.

Ipapakita ng Panginoon ang Kanyang paghatol patungo sa mga masunnurin sa paggawa ng Kanyang kalooban at sa mga mabubuting tagapamahala ng mga materyal na bagay na tinanggap nila mula sa Kanya, ***"26 Sinasabi ko sa inyo, na bibigyan ang bawa't mayroon; datapuwa't ang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin sa kaniya." (Lucas 19:26 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Muli nating suriin ang mensahe at suriin ang mga puntong ito upang maunawaan natin ang kalooban ng Dios para sa atin at baguhin ang ating mga paraan.

1. Pipilitin ng Panginoon ang mga taong mabago.
2. Gagantimpalaan ng Panginoon ang mga taong nabago.
3. Paparusahn ng Panginoon ang mga taong masasama.
4. Hahatulan ng Panginoon ang mga taong ayaw magbago at nagtatago ng kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng pagkuha sa kanila ng lahat ng ibinigay Niya sa kanila.

Kailangan mong maunawaan na hindi mo maaring salungatin ang Kanyang kalooban at mga plano. Ang ating Dios ay ang Panginoon ng Katarungan, at gagantimpalaan Niya ang mga tapat at mabunga. Sa malao't madali ikaw ay malalantad at haharapin ka ng Panginoon nang maayos at sa iyong mga kasalanan. Sa halip, magalak sa gantimpala ng Panginoon, at magsisi at magbago upang ikaw ay pagpalain at mamuhay ng isang buhay na nakakalugod sa Dios.

Ito ang panahon para sa iyo upang maunawaan at tanggapin na kailangan mong dumaan ang mga sumusunod:

1. ***Kailangan mong may pananagutan.***
2. ***Kailangan mong magsikap nang masigasig sa paggawa ng iyong mga takdang gawin.***
3. ***Kailangan mong maging handa na siyatin.***
4. ***Kailangan mong makontrol ng Panginoon at ng Kanyang Simbahan.***

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakita sa akin nang malinaw ang iyong mg landas at ang iyong kalooban.*

*Ipahayag at taikdan ang iyong mga kasalanan at mga maling gawain. Ipahayag at talikdan ang iyong katamaran, pagkakampante, pagsisinungaling, panlilinlang, walang pasasalamat, pagrerekamo at pagmamaktol, masamang tagapamahal, at pagsasayang ng mga mapagkukunan, atbp. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan*______________________________________________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking buhay sa pagtawag na iyong ipanagkatiwala sa akin at pagtalima sa iyong kalooban. Ipinagako ko ang aking sarili na maging mabunga at produktibong tao sa iyong Kaharian. Itaas mo ako ng iyong biyaya at maglaan para sa akin upang patuloy na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon ako'y nanalangin para sa kanila na mabago sa pamamagitan mo at gawin ang iyong gawain at maging mabunga sa kung anong iyong ipinagkatiwala sa kanila. Panginoon ibigay ang para sa kanila at bigyan sila ng mabuting kalusugan at kalakasan na tuparin ang kanilang ministerio at ang mga takdang gawain na ipinakatiwala mo sa kanila.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang Simbahan ng Dios na kami'y magpapatuloy na maging tapat sa iyo; maglingkod sa iyo ng buong puso at gamitin ang lahat ng mga mapagkukunan nang mabunga at sulitin ang lahat ng pagkakataon. Panginoon ako'y nanalangin para sa higit na pag-eevangelio at higit pang pag-aaral ng Bibliya na maitanim at marami pang mga manggagawa na sanayin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob upang makapagpatuloy kaming maglingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailang ng Pagtawag ng Dios Yugto 41. Ang Talinghaga ng Sampung Mina. Lucas 19:11-27. Epeso 5:11. Jeremias 18:11.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.